



## UP ANTHROPOLOGY FIELD SCHOOL 2012



DEPARTMENT OF  
ANTHROPOLOGY  
UP DILIMAN



ANCESTRAL LAND/  
DOMAIN WATCH

# BUHAY PALA'WAN

A Collection of Ethnographic Research  
from Brooke's Point, Palawan

By the UP AFS 2012 Members

### Special Thanks to:

Marcelo H. Tangco Foundation  
Mrs. Imelda Cojuangco  
Hon. Art Ventura & Aventura Resorts, P.P.  
Anthropological Studies Inc. (Anthropos)  
National Museum of the Philippines  
Municipal Government of Brooke's Point  
Sangguniang Barangay ng Ipilan, Brooke's Point, Palawan



# KELANG BANUA

Espasyong Sagrado at Kultural

Para sa mga katutubong Pala'wan, ang *Kelang Banua* na nangangahulugang “malaking bahay” ang gumaganap na silungan at tanggulan hindi lamang ng mga mamamayan kundi pati na rin ng kanilang kultura. Kaya naman masasabing naging sentro ang *Kelang Banua* sa mga tradisyunal na gawain ng mga Pala'wan - sa pang-araw-araw nilang gawain o mga ritwal na isinasagawa tuwing may mga natatanging okasyon. Bagamat nagkalat ang mga tribong Pala'wan sa kabundukan ng Palawan, isang pangangailangan na makapagtayo ng *Kelang Banua* sa bawat komunidad na pamumunuan naman ng isang nakakatanda na tinatawag na *Panlima*.

Ang pagiging *Panlima* ay salin-lahi, o minamana mula sa mga ninuno. Ang kahusayan niya ay sinusukat sa pagkamakatarungan ng desisyong ginagawa niya tuwing may pinagkakasundo siyang mga miyembro ng kanyang komunidad na nagtatalo. Sa pangkaraniwan, walo hanggang sampung pamilya ang saklaw ng *Panlima*, subalit maaari itong umabot ng beinte o higit pa. Sa *Panlima* nanggagaling ang desisyon na magtayo ng *Kelang Banua* at siya rin ang nagbibigay ng panuto ukol sa paraan ng pagpapatayo nito. Ang kaalaman ng konstruksyon ay sinasabing minana mula sa mga ninuno.

Ang *Kelang Banua* ang nagsisilbing bukluran ng tribo. Ang mistulang pagpapatayo nito ay isa nang tradisyon at ang mga ritwal ay dito rin idinaraos. May mga ritwal ng pagsasaya't pasasalamat- *Tambilaw*, *Mundeg*, *Umanat*, *Tabad*, *Ubos*, nariyan din ang *Lingew* na isang ritwal ng pagluluksa tuwing may mamamatay sa komunidad. Ang mga ritwal ay kailangan maganap sa loob ng *Kelang Banua* dahil ang istrukturang ito ang nagsisilbing daluyan ng kanilang mga *puwas* o dasal patungo kay *Ampo*. Si *Ampo* ang kinikilalang pangunahing Diyos ng mga katutubong Pala'wan. Siya ang humahaligi at sumusubaybay sa lahat ng bagay sa mundo may buhay man o wala. Ang *Panlima* ang nangangasiwa ng mga ritwal na ito at siya ang namamagitan kay *Ampo* at sa mga miyembro ng kanyang komunidad. Bilang bulwagang bukas para sa bawat Pala'wan, sinadya itong maging malaki't malawak upang kayanin nitong magdala ng malaking bilang ng mga katutubo o bisitang dadalo kung sakaling magkaroon ng mga pagtitipon tipon para sa mga ritwal o okasyon.

Ang *Tambilaw* at *Mundeg* ay parehong ritwal ng pagsasaya't pasasalamat na ginagawa upang humingi ng basbas mula kay *Ampo* para sa mga bago nilang naani. Sa apat na linggong panunuluyan namin sa Brooke's Point, Palawan napagalaman namin na may mga sumusunod sa *Tambilaw* at ang iba nama'y sa *Mundeg* kaya't lumalabas na hinahati ng dalawang ritwal na ito ang mga Pala'wan sa dalawang sekta ng relihiyon. Iisa pa rin ang sinasamba at kinikilalang pangunahing diyos ng dalawang sekta – Si *Ampo*.



Ngunit nagkakaiba lamang ang dalawa sa (1) mga kinikilala nilang dibinidad o mga *ikalawang diyos* na nagsisilbing sugo ni Ampo (2) at sa paraan ng pagbabasbas ng kanilang ani.

lisa lamang ang sinusunod na kalendaryo ng pagtatanim, pagpapataba ng lupa, at pag-aani ng Tambilaw at Mundeg. Sa buwan ng Disyembre at Enero ay sinisimulan nang patabain ang lupa upang maihanda sa **panggas tugda** o pagtatanim na magaganap sa buwan ng Pebrero, Marso, at Abril. Ang mga buwang mula Mayo hanggang Setyembre ang pinakamaselang panahon para sa kanila dahil kailangang mabantayan ng mabuti ang lupa upang patuloy ang pagsipsip ng sustansya ng mga pananim. Bandang Agosto at Setyembre pa lamang ay namumunga na ang mga mais. Ngunit bago pa ito kunin kailangan munang antaying maging handa ang mga palay bago magkaroon ng pangkalahatang pagaani na nagaganap pa sa mga buwan ng Oktubre at Nobyembre.

Para sa mga Pala'wan napakahalagang mabasbasan ang kanilang ani dahil para sa kanila isa itong biyayang ipinagkaloob ni Ampo; at isang pagtanaw ng respeto ang pagdiriwang na ito upang bigyan sila muli ng aanihin sa mga susunod na buwan. Sa prosesong ito, mapapansing mas maraming mga pangangailangan ang ritwal na *Mundeg* kung ikukumpara sa *Tambilaw*.

Walong **Tabad** o "alak na gawa sa kanin" ang kinakailangan sa pagriritwal ng *Mundeg*, hindi katulad sa *Tambilaw* na iisa lamang ang kailangan. Kaya't sa kapistahan ng *Mundeg* mas marami ang nangangasiwa. Nariyan ang *Mamumuwas*, *Manlilimas*, at *Mananagumang*. Ang **Mamumuwas**, bilang pangunahing tagapangasiwa ng ritwal, ang nagdadasal sa walong *Tabad* na na kumakatawan sa walong Diyos na kanilang pinananawagan. Kailangan inuman ng *Mamumuwas* ang banga ng *Tabad* matapos ibulong ang puwas sa **Bungkarag**. Kaya naman nariyan ang **Manlilimas** upang humalili kung sakaling pagod o lasing na ang *Mamumuwas*. Ito rin ay nagsisilbing pagsasanay dahil sa hinaharap ipapasa sa *Manlilimas* ang pagiging *Mamumuwas*. Ang mga **Mananagumang** naman ay ang mga bisitang dumalo sa pista. Hindi lahat ay pinapapasok sa Kelang Banua habang nagaganap ang *Mundeg*. Mga katutubong nakatradisyunal na kasuotan lamang ang maaaring makapasok dito.




Bungkarag

Isa pang hiwalay na ritwal ang **Umanat**; ayon kay Panlima Wellington isa itong pangako ng pagdiriwang kung may isang dasal, sumpa, o kahilingan kay Ampo ang masasakatuparan. Isa pang ritwal ng pagsasaya ay ang **Ubos**. Dito ipinagiisang dibdib ang *budyang* (dalaga) at *subor* (binata) na nagliligawan. Ang mga magulang nila ang hihingi ng permiso sa *Panlima* na tagapangasiwa ng *Kelang Banua* na gusto nilang pagdausan ng kasal. Sa prosesong ito ang *bitsaran* (ang pagsisirkulo ng mga panlima at ang paguusap sa metapora't pabula tungkol sa dalaga't binata) ang maghuhusga kung maaari nga bang ikasal ang dalawa.

Taliwas naman ng ritwal ng pagdiriwang tulad ng mga nabanggit ang **Lingew** dahil idinadaos ito para sa patay. Isinasagawa ito maaaring dahil sa (1) may namatay (2) nakapanaginip ang miyembro ng komunidad ng kaganapan ng kamatayan o ng isang yumao na (3) mayroong pangakong binitawan sa patay kaya't di matahimik. Mangyari lamang na may namatay, matapos pagluksaan ng mga kamag anak at kaibigan ang bangkay ng isang araw, magaganap na ang *Nangnang* kung saan lumulusot ang mga malapit na mas batang kamag-anak ng namatay sa ilalim ng bangkay habang ito'y buhat ng apat na tao. Ito'y nagaganap habang binababa ang nakabalot na katawan sa *Kelang Banua* ispesipiko sa *Pantaran* o harap na pasukan.

Sa mga ritwal na nabanggit may mga bagay ring kinakailangan upang maitawid ng tama at kumpleto ang okasyon.



Ang **Tabad** o *tinapey* ay alak na gawa sa kanin. Nagiging alak ang nalutong bigas sa loob ng tatlo hanggang apat na linggo; gumagamit din dito ng purad o yeast, dahon pantakip at malalim na banga upang paglagyan nito.

**Basal.** Bukod pa dito nabanggit din na importanteng elemento ng mga ritwal ang *Basal* at *Tarek*. *Basal* ang kolektibong termino na tumutukoy sa kombinasyon ng tatlong instrumentong minana nila mula pa sa mga ninuo – *Agong*, *Sanang* at *Gimbal*. Ang tumutugtog nito ay tinatawag na *Manegtugtog*.

Ang *Gimbal* ay isang tambol na gawa sa buho na binabalutan naman ng balat ng kambing at tinatali ng yantok; pinapalo ito gamit ang dalawang kahoy na may haba na isang dangkal at may lapad na isang pulgada. Tinatakda nito ang bilis at tono ng *Basalan*, tinutugtog ito ng tatlo hanggang apat na daang palo kada minuto na maaari pang mabilisan o mabagalan. Ang *Agong* at *Sanang* naman ay gawa sa halu-halong bakal na pinapalo gamit ang isang kahoy na tatlong pulgada kalapad at isang dangkal kahaba na may balot na makapal na tela sa isang dulo. Pawang mga *gong* ang *Agong* at *Sanang*. Iyon nga lang, mas mataba ng kaunti ang *Agong*. Upang matugtog ang dalawang ito kailangan itong nakasabit at nakalaylay ng malaya. Ang isang kamay ay ginagamit sa pagtatambol samantalang ang isa'y ginagamit para tapikin ang paligid ng *boss* o ang bukol na nakaumbok sa gitna nito para maiyon at mahuli ang tamang alalad at alingawngaw.

**Tarek.** Kung may tunog na nagtatakda ng lagay ng emosyon sa pagdiriwang, mayroon ding sayaw at galaw ng katawan na sasaliw sa musikang ito. Ang kasiyahan ay mas naisisiwalat ng bawat padyak ng paa ng mga sumasayaw ng *Tarek*. Sinasayaw ito sa pamamagitan ng *pagsaraksak* o pagpapadyak ng mabilis sa *Datag* o sahig ng *Banua*. Sinusundan ng *Manegtarek* ang tambol ng gimbal at pinapaingay nito ang kawayang tinahi ng yantok. Ayon kina Lola Leticia at Lola Josita na sumasayaw nito, kailangang mapatunog nang husto ng talampakan ang kawayan. Sinisimbolo ng ingay ng padyak ang antas ng kasiyahan; kung mas malakas ang mga hampas sa datag mas aabot ang pagsasaya't pasasalamat nila sa kanilang Ampo. Ang tradisyunal na sayaw na ito ang dahilan kung bakit ang kawayan sa sahig ng *Kelang Banua* ay *ginayantok* o itinahi ng may kaluwagan;



upang maging maalon ito't makatulong sa mga *manegtarek* at para mabigyan ng ispasyo ang mismong *Datag* at ang pundasyon o balangkas ng sahig sa ilalim.

Tunay na nagsisilbing tahanan ang *Kelang Banua* hindi lamang ng mga katutubong Pala'wan kundi pati na rin ng kabuuang kultura nila. Ito ang nagsisilbing tagapamagitan sa kanila at ng kanilang Diyos na si Ampo at dito rin katatagpuan ang mga materyal o gawain na sumasalamin sa identidad ng Pala'wan.

Sa kasalukuyan, maraming mga isyu at mga suliranin ang kinakaharap ng mga Pala'wan. Nariyan ang kontrobersiya sa awtoritarya ng mga *Panlima* dahil sa kasalukuyan, marami ang naghahayag sa kanilang sarili bilang *Panlima* gayong hindi naman sila direktang anak o kadugo ng mga yumaong *Panlima*. May kinakaharap din silang mga isyu sa pagbibili ng lupa bilang wala naman silang mga titulo. Nariyan din ang *ABS-CBN foundation* at ang proyekto nitong mga *resort* na pilit kinokomersiya ang mga talon sa kabundukan na tahanan na ng mga katutubo. Ilan lamang ang mga ito sa nakaapekto sa persepsyon, tradisyon at gawain ng mga Pala'wan. Marami sa mga katutubong kabataan ang tumatalikod na sa sariling kultura ayon sa mga panlimang aming nakapanayam. Gayunpaman tulad ng tibay na tinatagal ng buhay ng isang *Kelang Banua* naniniwala pa rin ang mga mananaliksik na ganito rin katibay ang buhay ng kulturang Pala'wan. Bagamat may mga tumataliwas at tumatalikod sa tradisyon, uuwi rin ang lahat sa *Kelang Banua*, sa natibong dugo at pagkakakilanlan. Hanggat may *Kelang Banua* hindi kailanman mamamatay ang minanang kultura ng mga Pala'wan.

*Dhanice Anne A. Mengote*  
*BA Anthropology, UP Diliman*

#### Mga Sanggunian:

- Mengote, D.A., & Palileo, A. (2012). "Muli Syu Na" Kelang Banua: Tahanan ng Kulturang Pala'wan. Unpublished raw data
- Peralta, Jesus T. (1983). *Tau't Batu Studies*. (pp 143-149). Monograph No. 7. Manila: Philippine National Museum.
- Perez III, Rodrigo (1998). *Native Filipino Houses in Dizon*, Eusebio et al. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. (pp. 212-213) Vol. 2. Hong Kong: Asia Publishing Company Limited.
- Revel, Nicole (2007). Palawan Soundscape. *Social Science Diliman*, vol. 4:1-2, 78-90



# KATUTUBONG ARKITEKTURA: ANG *KELANG BANUA* NG MGA PALAWAN

NI: AMANDA M. PALILEO



*Kelang banua, Purok Proper II, Brgy. Ipilan, Brooke's Point, Palawan. Abril 2012. (F. Delarmente)*

Ang *kelang banua* o ‘malaking bahay’ ng mga Palawan ay espasyong kultural, pulitikal, at sagrado. Ang arkitektura nito ay makakapagsalamin sa kultura ng mga Palawan dahil ito ay sentro ng mga tradisyong Palawan.

*“Sa panlima nanggagaling ang desisyon na magtayo ng kelang banua at siya rin ang nagbibigay ng panuto ukol sa paraan ng pagpapatayo nito. Ang kaalaman ng konstruksyon ng kelang banua ay sinasabing minana mula sa mga ninuno.”*

*Panlima* ang tawag sa isang pinuno ng mga Palawan. Ang pagiging *panlima* ay salin-lahi, o minamana mula sa mga ninuno. Ang kahusayan niya ay sinusukat sa pagkamakatarungan ng desisyong ginagawa niya tuwing may

pinagkakasundo siyang katauhang nagtatalo. Sa pangkaraniwan, walo hanggang sampung pamilya ang saklaw ng *panlima*, subalit maaari itong umabot ng bente o higit pa. Sa *panlima* nanggagaling ang desisyon na magtayo ng *kelang banua* at siya rin ang nagbibigay ng panuto ukol sa paraan ng pagpapatayo nito. Ang kaalaman ng konstruksyon ng *kelang banua* ay sinasabing minana mula sa mga ninuno. Ang *panlima* rin ang nangangasiwa ng pagtayo ng *kelang banua* para sa nasasakupan niyang pangkat ng Palawan. Upang matutunan ng mga binatang takdang maging *panlima* ang mga paraan ng paggawa ng *kelang banua*, pagriritwal, at pangangasiwa sa tribo, lagi silang sumasama sa kanilang ama o kamag-anak na kasalukuyang *panlima*. Tuwing may kasal, nakapaligid sila sa *bitsaran*. Masusi nilang pinanonood at pinakikinggan ang mga ginagawa at sinasabi ng mga *panlima* at sa ganitong paraan sila hinahasa upang ganap na manungkulan.



Panlima Menrido Sador ng Imulnod, BP. (A. Palileo)

Dahil sa ang *kelang banua* ay pag-aari ng buong komunidad, karaniwan ay itinatayo ito sa kalagitnaan ng mga kabahayan. Nang makapili ng lugar kung saan itatayo ang *kelang banua*, nagkakaroon ng munting ritwal ang

*panlima*, kasama ng *tungkol*, isang taong tagapamagitan sa diyos at tao. May pitong butil ng palay na tinatanim sa gitna ng lupang nais tayuan bago ito dasalan. Kinabukasan, kung magkakasama pa rin ang mga butil, naniniwalang sang-ayon si *Ampo* (ang kanilang diyos) sa pagpapatayo ng *kelang banua* sa lugar na iyon. Kapag hindi na magkakasama ang mga butil, kailangang pumili ng ibang pagtatayuan. Nang maitakda ang lupang tatayuan ng *kelang banua*, tatawagin na ng *panlima* ang lahat at bibigyan ng trabaho ang bawat isa. Maaari niyang atasan ang isang pamilya na mangalap ng isang klaseng materyal. Kung anong likas na yaman ang matatagpuan sa paligid ng panirahan ng tribo, iyon na rin ang siyang gagamitin bilang materyal para sa *kelang banua*.



Panlima Pedro Sagad, pagriritwal gamit ang butil ng palay. Enero 2012. (C. Nilasa)

**Pagtatayo ng Kelang Banua.** Kinakailangan ang sumusunod na materyales sa paggawa ng *kelang banua*:

- *Lampung* (kahoy) para sa mga *usok* (poste; pundasyon), at balangkas ng bahay at ng mga bahagi nito;
- *Buho* (makapal at malaking klase ng kawayan) na gagamitin sa *pantaran* (balkonahe) at pangsupta sa ilalim ng bahaging gumagamit ng kawayan; tinatalupan at hinahabi rin upang maging *sawali* (dingding).
- *Kawayan*, na hahatiin upang maging *datag* (sahig), *latep* (pintuan), *bangku* (upuan), *bilit* (bahagi ng *Kelang banua* na tinutulugan), *talimbasan* (tanggapan ng mga bisita; may daanan at upuan), *dapugan* (lutuan), *liwasan* (gitnang bahagi ng bahay kung saan idinaraos ang karamihan ng mga gawain tulad ng ritwal at *bitsaran* [usapang negosasyon]), balangkas ng *bubungan* at dingding.
- *Yantok* para para sa pagtali ng lahat ng parte ng *Kelang banua*. Sa tradisyunal na Kelang Banwa, walang ibang materyal na ginagamit sa pagkakabit-kabit o pagsasama-sama ng mga parte nito kundi yantok.
- *Dahon* na may maraming klase at maraming teknik upang malikha bilang katawan ng bubungan. Cogon ang tradisyunal na ginagamit sa *Kelang banua*, pero maaari din gamitin ang dahon ng nipa o ng niyog.

**Konstruksyon.** Matapos maikalap ang mga materyal, maaari nang simulan ang konstruksyon. Inaayos ang mga materyales: pinuputol ang ilang mga buho upang pantay-pantay silang mailalatag sa magiging *pantaran*; ang ilan naman ay tinatalupan upang magamit sa paggawa ng *sawali*. Binibiak sa tatlo o apat ang mga kawayan at pinuputol sa iba't ibang sukat para sa iba't ibang bahagi ng *Kelang banua*. Pinapawid yung mga dahong gagawing bubungan at pinuputol ang yantok para sa iba't ibang pagkakailanganin nito para sa buong bahay.

**Usok at Balangkas:** Mag-uumpisa ang konstruksyon sa pinakapundasyon ng bahay, ang *usok* o poste. Lampas-tao dapat ang kanyang sukat, dahil ang ilalim ng *kelang banua* ay nagsisilbing *silungan* ng mga tao laban sa init at ulan; pastulan ng mga hayop tulad ng manok, baboy, aso, at baka; at bentilasyon rin para sa loob





Konstruksyon ng kelang banua. Enero 2012. (C. Nilasa)

ng *kelang banua*. Nagiiba-iba ang bilang ng *usok* ng *kelang banua* depende sa laki, haba, at lapad nito, pero labing dalawa ang bilang ng *usok* sa pinakamaliit na *kelang banua*. Sumunod sa pagtatag ng *usok*, sisimulan na rin ang balangkas at *datag* o sahi. Ang balangkas ay kumbinasyon ng *lampung* o punong kahoy, buho, at kawayan at sa balangkas nakabatay ang laki, haba, at taas ng itinatayong istrutura. Ang balangkas din ang maghahati-hati sa iba't ibang bahagi ng *kelang banua*: *pantaran* o balkonahe; *talimbasan* o tanggapan ng mga bisita; *liwasan* o pinagdarausan ng ritwal, *bicharan*, at iba pa; *bilit* o pahingahan na maaari ding maging banko; at *dapugan* o lutuan.

**Datag, Sawali, at Bubungan:** Ang *datag* ay yari sa kawayan na pinaghati-hati, inayos ng may disenyo o patern (sa kaso ng *liwasan* at *talimbasan*), at tinatali gamit ang yantok. Simpleng paghahanay lamang ang ayos ng kawayan sa bahaging *bilit*. Mahalagang banggitin na ang *talimbasan* at *bilit* ay mas mataas sa *liwasan*. Pagkatapos ng *datag*, ang *sawali* o dingding naman ang patatayuin. Habang ginagawa yung mga pangunahing bahagi ng bahay, mayroon nang mga taong naghahabi ng *sawali*. Iba't iba rin ang disenyo ng *sawali*,



*Siniku-siko*. (A. Palileo)



*Inarisaw*. (A. Palileo)

kabilang ang: *tinagadwa*, *tinagatlo*, *siniku-siko*, *inarisaw*, at *matapunay*. Tatakpan halos lahat ng bahagi ng bahay gamit ang *sawali*, pero mag-iwan ng maliit na bahagi sa may bubungan at lalagayan ng kawayang rehas na magsisilbing



*Sawali tinagadwa*. (A. Palileo)

bentilasyon dahil walang *panundawan* o bintana sa *Kelang banua*. *Gipi-gipi* ang tawag sa mahabang bankong inuupuan ng mga bisita sa *talimbasan*. Walang *sawali* sa gilid ng *talimbasan* dahil ang *gipi-gipi* ang nagsisilbing dingding, at bubungan na agad ang nasa ulunan nito. Huling inilalagay ang *bubungan*. May balangkas nang mapapatungan ang naihandang mga atip na *pinewd* o tinupi at inipit o tinahi. Yantok rin ang ginagamit na pantali nito sa balangkas.

**Pagbabasbas.** Kapag natapos na ang pagpapatayo, babasbasan na ng *tungkol* ang *kelang banua*. Kasabay ng pagbabasbas ay pasasalamat kung saan naghahanda ng *tabad* o *tinapey*, nag-aalay ng mga pagkain, tumutugtog (*basal*) o sumasayaw (*tarek*). Ang *tabad* o *tinapey* ay alak na gawa sa bigas. Upang tuluyang matransporma ang bigas sa alak, kailangan munang maghanda ng kalahating kilong bigas – sasaingin ito, sasandukin at papalamigin sa malapad na bilao o malinis na banig. Pagkalamig lalagayan naman ito ng *purad* (o *yeast* sa ingles) at saka hahaluin. Ililipat naman ito ngayon sa banga at pupunuan ng tubig. Tatakpan ang bunganga ng banga ng dahon at tatalian ng yantok upang hindi sumingaw ang pinapaalsang bigas. Dahil nabubulok ang dahong nakatakip dito kailangan palitan din ito pagkatapos ng humigit kumulang



labing limang araw. Mag-aantay ng tatlo hanggang apat na linggo bago ito maaaring inumin. Sa takdang araw, magtitipon ang buong komunidad at ang magdadasal ang *tungkol*. Kakain at iinom ang mga tao, *magbabasal* at *magtatarek* upang ipagdiwang ang matagumpay na pagtatayo ng *kelang banua*.

Matapos ng ritwal ng pasasalamat ay maaari nang gamitin ang *kelang banua* para sa iba't ibang layon kung para saan siya'y itinayo tulad ng pagplantsa sa mga gulo o away sa pagitan ng dalawang magkatribo, pagdiriwang ng *ubos* o kasal, pagdaraos ng *lingaw* o lamay, at ang pagriritwal ng *Tambilaw* at *Mundeg*. Ang *Tambilaw* at *Mundeg* ang pagriritwal na ginagawa upang humingi ng basbas mula kay *Ampo* para sa mga bago nilang naani. Bago pa man maipamahagi ang ani sa mga kasapi ng tribo o maibenta ito sa labas, naniniwala silang kailangan muna itong ipabasbas kay *Ampo* dahil para sa kanila isa itong biyayang ipinagkaloob ng Diyos. Isang pagtanaw ng respeto at pasasalamat ang pagdiriwang na ito upang bigyan sila muli ng aanihin sa mga susunod na buwan.

*“Maaaring sukatin ang galing at husay ng pagkagawa nito at ng mga gumagawa nito batay sa pagkatugma sa tradisyunal na panuto sa paggawa, at sa pagiging matibay nito laban sa hagupit ng kalikasan.”*

#### **Pagbabagong Dala ng Paglipas ng Panahon.**

Sa nakaraang mga siglo, may ilang nagbago sa mga paraan ng pagpapatayo ng *kelang banua*, kasama ang iba't ibang salik tulad ng kung bakit ito itinatayo, at ilang mga isyung ekonomikal, pulitikal, at kultural. Halimbawa, hindi agad masasabi na noon, ang *kelang banua* ay simbolo ng kapangyarihan ng panlima at ng kanyang mga

katauhan. Praktikal ang pagtatayo ng *Kelang banua*; maaaring nararamdaman ng panlima na tungkulin niya sa kanyang mga nasasakupan na magtayo ng *kelang banua*, tulad na lamang ng isang amang may katungkulang pangalagaan at bigyan ng kanlungan ang kanyang pamilya. Maaaring sukatin ang galing at husay ng pagkagawa nito at ng mga gumagawa nito (i.e. ang *panlima* at ang kanyang komunidad) batay sa pagkatugma sa tradisyunal na panuto sa paggawa, at sa pagiging matibay nito laban sa hagupit ng kalikasan. Ang *kelang banuang* naayon sa panutong ipinamana ng hene-henerasyong mga *panlima* ay maaaring gawing



*Pagbabasbas ng panlima (L) at tungkol (R). May 2012 (A. Palileo)*

sukat ng kahusayan ng *panlima*, bagkus, isa itong sagisag ng katayuan niya sa lipunan. Sa panahon ngayon, dulot ng kapitalismo, industriyalisasyon, at modernisasyon, hindi na lahat ng *kelang banua* ay gawa mula sa materyales na kinalap mula sa kalikasan – bagkus, binibili ito mula sa mga negosyante. Dulot na rin ng panahon, nagkakaroon ng pangangailangang magtayo ng *Kelang banuang* may kuryente at inidoro. Ayon din sa mga Palawan, mas mainit na sa ngayong panahon kaya nilalagyan na ng bintana ang ilang *Kelang banua*, kahit na ayon sa tradisyunal na panuto, walang bintana ang *Kelang banua*. Wala ring ginagamit na bakal, ngunit dahil mas matibay daw ito, pinapako ang datag at yari na sa yero ang bubungan ng ibang *Kelang banua*.

Sa kabuuan, sa pamamagitan ng pag-aaral ng *kelang banua*, mas malalim na ang pagkakakilala ng mga mananaliksik sa tribong Palawan, at maaari namang isipin na pagdating ng panahon, makauwi ang lahat sa metaporikal na *kelang banuang* sumisimbolo ng kultura – at ipinagmamalaki ang kayamanan ng ating minanang kultura.

Sanggunian: Mengote, Dhanice & Palileo, Amanda (2012). *Muli Syu Na. Kelang banua: Tahanan ng Kulturang Palawan*. Papel na isinulat para sa Anthropology 196 sa ilalim ni Dr. Nestor Castro at Field Director Prof. Janine Ochoa noong UP Anthropology Field School sa Brooke's Point, Palawan, Abril hanggang Mayo 2012. For further reading: Perez III, Rodrigo (1998). *Native Filipino Houses in Dizon*, Eusebio et al. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. (pp. 212-213) Vol. 2. Hong Kong: Asia Publishing Company Limited. Perez III, Rodrigo, Encarnacion Rosario, and Dacanay Jr., Julian (1989). *Folk Architecture*. GCF Books, Quezon City.





# ***Ubos et Kakampongan: Marriage and Kinship Practices among the Pala'wans of Brooke's Point, Palawan***

*Delarmente, Faith Emerald T.  
Mengote, Dona Quia P.*

Marriage “creates a new household, the basic social unit of Palawan society and adds a new structural element to the local group, the next most basic social entity.” It becomes the basis for the expansion of the kin group. It “has public and judicial significance.” It becomes a “recreation of society and a ritual affirmation of the transfer of the groom from one group to another.” (p. 86) “[T]he marriage ceremony essentially centers on three main points: a large gathering of people, a symbolic display of the couple sitting side by side after the groom has ceremoniously entered the bride’s house, and an elaborate, formal discussion (*bitsara*), which is aimed not only at settling practical matters, but also at establishing public acceptance of the new couple and the marriage arrangement in general.” (Macdonald, 2007. p 83.).

Palawan is an island exemplifying Philippine diversity. It has long been a home to a number of ethnic groups cohabiting amicably — Tagbanua, Pala’wan, Batak, Tau’t Batu, Calamina, Jama-Mapun, Molbog, Tausug, and Samal-Bangigni. The Pala’wan people live in the interior of the southern half of the island (Revel, 1996). By tradition, Pala’wans are nomadic blowgun hunters and swidden agriculturists (Revel, 2001). The Pala’wan highly resemble the Tagbanua in many cultural aspects and for this reason, they are frequently mistaken to be people of a single ethnic group. (c.f. Fox, 1982)

Our study is concentrated in the municipality of Brooke’s Point. This paper shall delve upon the cultural practices of the Pala’wan group in Barangay Ipilan, Barangay Aribungos, and Barangay Imulnod primarily focusing on marriage culture, the rituals to strengthen familial bonds, their views on family life and kinship, the importance of these practices within their community, and how these practices change over time.

## **Data Gathering Methods**

In the course of the two-week research in April 2012, we were able to interview *panglimas* and some locals. We were also able to conduct a focused group discussion with four Pala’wan teenagers. The FGD took place on the 13<sup>th</sup> of May during a ceremonial festivity they call the *Umanat*. Fortunately, we were also able to witness a wedding. Our key informants include the community elders and leaders whom they call the *panglima*. The *panglimas* officiate traditional Pala’wan weddings. Among all, they are the most knowledgeable on marriage and family life in a Pala’wan society as imparted and instilled upon them by older *panglimas*. *Panglima* Pedro told us, for the Pala’wans, life is a teacher of lessons and you earn experiences throughout. So the more you go through life, and the older you get, the more experiences you have, the more you learn.

To further analysis on the changes in practices, we put questions upon two age groups. We had interviews with people whose age range from 50 to 80 years old as well as people 13 to 25 years of age. All of them were of Pala’wan ancestry. Except for the teenagers, most of our informants married a fellow Pala’wan while a few married those coming from different areas and/or different ethnic groups.

In the first week we started with semi-structured interviews with informants in Sitio Sabsaban in Barangay Aribungos. Later, we had the opportunity to ask questions to *Panglimas* in Barangay Imulnod during a meeting. We were lucky to witness the preparations before

and after the wedding of Jenebis Kinasa and Branel Abat in Barangay Imulnod. Traditional practices are still observed, though clear manifestations of external influences pave way to the loss of some of these practices.

## ***Ingin: Getting a bride, the Pala’wan way***

From the data gathered, it was found out that there are several norms in courtship for the native Pala’wan, for which they have a simple and direct approach, though it is not courtship per se, as compared to the general depiction of Filipino courting wherein it takes several phases and lengthy transitions. In Pala’wan culture, according to *Panglima* Nolvito “Luway” Norsen, when a boy likes a girl, he would simply ask “*Megay mu daken?*” which is translated to “Do you like me?” If a positive response is attained, a handkerchief is given which starts the process of ‘courtship’, and as this goes on, six other symbolic gifts are given to complete a whole set. These will be given enclosed in the handkerchief once the parents of the *budyang* (maiden) accept the proposal of the *subur* (bachelor). There also comes a time when a *budyang* puts a *subur* to a test. She might reject the *subur*’s confession of interest; however, if a *budyang* sees that the *subur* is genuinely determined to pursue her, she might accept the proposal.

A *panglima* is the one responsible in bringing the gifts to the *budyang* since it is, according to several informants, in the traditional Pala’wan culture that the *subur* should not directly face the parents of the *budyang* until things are settled; this is a sign of disrespect to the parents and may lead to a misapprehension resulting to violence. After three days, if the presents are not returned, the *panglima* will go back to know whether his proposal has been accepted or rejected. This act of bringing of gifts to the *budyang* is locally called *pegdaton*. The Pala’wan only have a short time frame from courtship to marriage. As an example, *Panglima* Luway related to us that he only courted his first wife for a week, and then they were engaged to marry.

These norms not only during courtship but also in other aspects, according to some locals, are hard to follow in present times. This idea, that if they continue doing the traditional way, there would be no improvement in their lives and would be left behind by the developing world, will be tackled later on.

Once the proposal is accepted, the parents of both parties would meet alongside the aforementioned *panglima* (community leader), and a small *bitsara* or a round table discussion (tackled further later) regarding the relationship between their children will commence.

Two people cannot marry without the blessing of their parents. *Meg agaw* or eloping is frowned upon by the Pala'wans.

Part of the discussion will be the schedule of the wedding day. When deciding on the date of the wedding, the *panglima* depends on the moon. According to them, the wedding day should take place only if it is *talikod* (full moon) or *sabang* (new moon). If the *panglima* says *pudi* (decline), it means not to go through as planned; if he says *ubos* (wedding), things will go through as planned and the couple shall be married.

Bride price or *buryan* is also discussed in the preliminary *bitsara*. It is a “transfer from the groom to the father of the wife” (Tertilt, 2002). These are usually composed of transfers from ancestors, and money; the price of a woman is based on the price of her mother (Macdonald, 2007). The one's who will make use of the *buryan* are the parents of the girl, and not the couple – a sort of compensation for the parents for the expenses and hardships they have endured since the birth of the girl. According to *Panglima* Romeo Kinasa, the price of the *buryan* can be changed to fit the economic capacity of the *subur*, but must always be discussed beforehand. If in case the *subur* cannot supply the agreed upon price on time, he must inform his future *pangibanan* (in-laws) at least three days before the wedding, so that a solution may be discussed. In present times, because of the expenses of daily living, the *buryan* is usually asked to be paid as cash instead of inheritance. Sometimes, farm animals like cows and pigs are also given.

The contemporary age has developed a different perspective and preference for matters like this. The *panglimas* who know the details of a traditional marriage regret to say that not all are still practiced today.

### **Ubos: The Wedding**

The ritual of marriage is traditionally done in the *Kelang Banna* (“Big House”), with the permission of the *panglima* that presides over the tribal house. In cases where it becomes exceedingly inconvenient to hold the wedding in the traditional big house, the rite can be done in the house of the bride's parents. If the area is too small to accommodate a number of guests, a temporary construction called the *pala-pala* (a temporary event place made up of bamboo posts and coconut leaves) will be put up for the wedding ceremony.

The festivities begin on the eve of the wedding day. As the researchers observed, the women decorate the area where the wedding will be held with streamers and dangles made of leaves, while the men prepare and cook the food.

Following tradition and as we observed, the *Basal* – the musical ensemble of the Agong, Sanang, and Gimbal<sup>1</sup> (see footnote), is played continuously until early morning of the wedding day. A celebratory dance called the *Tarek*, which follows the beat of the Gimbal with every *saraksak* (step), is danced by women. This is danced by fast-paced *pagsaraksak* on the *datag*<sup>2</sup> or bamboo floors of the *banna*. It is believed that the louder the *saraksak*, the more joyous the celebration, and that the happiness and thanksgiving would reach *Ampu* (god) (Mengote & Palileo, 2012). Traditionally, the *Basal* and the *tarek* continue until early morning, but nowadays, the younger generation chooses modern ‘disco’ (dance and music) as an alternative. Festivities are now halved into the traditional *Tarek* and the modern ‘disco’.

<sup>1</sup>*Agong* and *Sanang* are types of gongs with *boss* or bulge at the middle, made of mixed metals and is tapped using a wooden stick. *Gimbal* is a small drum made out of *buhô* or big bamboo wrapped with goatskin, which is played using two sticks. This sets the pace of the *basal*. (Mengote, Palileo, 2012)

<sup>2</sup>*Datag* is bamboo floors tied loosely with *yantok* instead of using nails, to provide better acoustics when dancing the *tarek*. (Mengote, Palileo, 2012)

For the whole festivities prior to the ceremony, the bride must be kept in isolation as required by tradition. For preparations, the bride must stay in the house where the wedding is to be held, while the groom is to stay in a separate, but nearby house. Both are dressed and made-up by members of their respective families. If situation dictates that only one house is available, the two must stay in separate rooms. The bride and groom wear traditional clothing. The bride wears a *Tadyong*; a circular cloth used as a skirt, and any blouse with long sleeves, while the groom wears a non-white long-sleeve shirt and pants. From our observation, importance is given to the hair ornaments used by the bride and groom in weddings. A mat called the *damdám* is laid on the floor each for the bride and groom to sit on, prior to tending the hair. The hairline must be shortened to have a clean look while wearing the headdresses. Both wear headdresses of the same design. The *pangantim* is a crown-like ornament worn by the bride, while the groom wears a *tupi*, which is, according to informants, similar to the Muslim *Putong*.



**Woman dancing the *Tarek* during a Pala'wan wedding with two men playing the *agong* in the background. (Photo by Dona Mengote at Brgy. Aribungos, Brooke's Point, Palawan.)**

But, in the wedding that we observed, the couple used rented clothing from Muslims. According to *Panglima* Romeo, it is okay to use those clothes since it is similar and more convenient. During the pre-wedding preparations (i.e. clothing, grooming), both the bride and groom must face east. We believe that this is so that the couple may see the sun as it rises, symbolizing the beginning of their life as man and wife.

At the time of the wedding, the groom is brought to the *Kelang Banna* by being carried on the shoulder by someone who is able, and is circled around the house seven times. They are led by the *manegbasal* (a person who plays in the *basal*), while they follow. This



is called *ilibot*, which is similar to the Tagalog translation. The bride is also carried around the house seven times after the groom has finished his rounds. This action is said to symbolize the love that the couple has for each other. It is a sacrifice to prove the amount of love and willingness to marry. Upon entering the *banua*, the couple take their respective seats (groom on the left, bride at the right) in view of all the guests. The bride is to sit first before the groom. Then, several *panglimas* will hold a *bitsara*.

*Bitsara* is like a court of the Pala'wan where the elders generally have a discourse on a specific topic or issue. In the context of a wedding, the bride and groom are assigned a minimum of one *panglima* each to represent their side. The number of *panglima* for

both sides must always be equal, and a single *panglima* is to be set as the mediator of the *bitsara* (i.e. 3 *panglima* for the bride, 3 *panglima* for the groom, 1 mediator, for a total of 7 *panglima*). The whole wedding ceremony revolves around the *bitsara*. The elders discuss life lessons and give advice for the couple using highly colorful and metaphorical illustrations and stylistic elaborations, but they do so in an indirect manner. They would talk about the pair using the native language of the Pala'wan, as if the couple weren't present. Traditionally, the *bitsara* is done with the sharing of *tinapey* or fermented rice wine and tobacco, which goes around the circle of *panglimas*. The discussions may take as long as one day, depending on the flow of the conversation.



**Bitsara.** The groom and bride are seated in view of all the guests, as the *panglimas* discuss before them.  
Photo taken by Dona Mengote

We observed that as long as the *bitsara* goes on, the pair must sit still and quietly listen and understand the discussion of the *panglimas* for it is about them. The discussion usually delves upon marriage life and is seen as a form of marital counseling and so the couple must listen attentively. This was also confirmed by our informant Kuya Chuck Nilasa.

When the discussion is over, the bride and the groom each give their representative *panglima* a hundred pesos, which the *panglimas* consequently bless and return to the bride and groom. According to *Panglima* Salmido Buat, this exemplifies that nobody dictated on them to marry, and that this is of their own decisions and that they have accepted and understood the guidance of the elders. After the *panglima* has given their *puwas* (prayer), they would give the money from the bride to the groom, and vice versa. When the *bitsara* concludes, the couple will stand in unison after the count of three. “*Isa, duwa, talo*” (One, two, three), signifying that they are officially married (we observed that this counting was done by an emcee.

In contemporary wedding ritual, after the *bitsara*, when the bride and groom have showed their gratitude to the *panglimas*, they would have their first dance – a modern slow dance. While dancing, all

guests are encouraged to stick money to the newly wed's clothes, to be used as starting resource for their conjugal lives. After the ceremony, there would be an advising by the *panglimas*. This is called the *usyat*, and is composed of gentle reminders of things the couple must and must not do. The parents may also give *usyat* to the children, but must first be invited by the *panglima* to do so. The *panglima* of the groom is the one that will give counsel to the bride and vice-versa. Festivities from the previous night continue as this conclude.

Macdonald (2007) states that divorce in Pala'wan society is neither favored nor disapproved of. It is not in their culture to view separation as a personal failure, or a social disgrace. Our informants discussed that for the Pala'wan, divorce is socially accepted, but it holds its share of punishments due to the violation of the promise to *Ampu* (god), the spouse, and to the *panglima*. *Pulit* is the sanction given to husband if it is the female that has done wrong. The female is not only to pay the *pulit*, but also return the full amount of the *buryan* given by the male. *Ungsod*, is the male counterpart of the *pulit*, meaning, it is the fee remunerated by the male if he

divorces his wife. This payment symbolizes regret for the action done and a promise to be a better person.



Attaching of money to the newly wed's clothes during their first dance in a contemporary Pala'wan wedding

### ***Kakampongan*: The Kinship Practices**

Like the Tagbanuwa, the basic unit of a Pala'wan society is of a nuclear family constituted by a father, mother, and unmarried children (c.f Fox, 1982). The social structure exemplifies the bilateral type since kinship is traced through both the maternal and

paternal lineage. The kin is composed of one's relatives through consanguinity and affinity. "Cognatic or bilateral systems recognize all descent lines through males and females and therefore do not automatically determine membership in a social group at birth, but leave open a great number of possible affiliations" as Macdonald notes (2007. p 62.). Tracing of family lineages bilaterally, or tracing both the fathers' and mothers' ancestry, results in a vast network of consanguineal (relations by blood) and affinal (relations by marriage) kin. Potentially a lot of kin, even if the exact connection are not known. Case in point is that of Mr. Chuck Nilasa who currently resides at Barangay Mainit. During the last week of April 2012, he accompanied us to a meeting with *panglimas* of Brgy. Imulnod. When we asked him how he came to know all of them, he answered, "*Kamag-anak ko sila.*" I followed up and asked him if, in any chance, does he know the degree of his relationship to each of them. He responded that he can no longer determine, and that he just knows that they are related because many of his mother's relatives were *panglimas*.

For the Pala'wan, the consanguineal system consists of all descendants rooting from the grandparents, extending horizontally to the first cousins. The Pala'wan culture also forbids incestuous marriages, called *sumbang*. Marriage should not take place within members of the bilateral family; otherwise they will be put to death

According to *Panglima* Salmido Buat, in the past, status hierarchy was evident in a Pala'wan society. Social stratification was based on blood inheritance. *Panglimas* are much revered, for they are considered as cultural connoisseurs – those who are taught and trained to be leaders. According to *Panglima* Pedro Sagad, one is of high regard if he comes from a *panglima's* lineage. In one of our interviews, we asked *Panglima* Pedro how does one become a *panglima*. He emphasized a great difference in the process of choosing today, as compared to the past. He told us that before, becoming a *panglima* was based on inheritance. It is a must that one of the *panglima's* sons be a *panglima* as well. As of the present, added *Panglima* Pedro, since only a few of the contemporary generation would want to take the responsibility, only those who genuinely accept the obligation shall be taught and trained by being told of folktale and by observing *bitsara* and other rituals, even they are not a *panglima's* son (though they must still be blood relatives). In addition to the *panglima*, the lineages of the *Baylan* or shaman, and the *Tungkol* or spiritual mediums, are also of high resp

### **CASE STUDY: Elizabeth, a bride in a contemporary Pala'wan wedding**

*When she arrived at the snake's house, the snake gave her a room of her own. The room contained complete furnishings that she might need. The snake also told her to eat and cook whatever she liked. After a few months, the snake told the princess that it needed to go somewhere in the morning. The princess got scared, not because of the snake but because she will be left alone in the house. The snake told her not to be scared because nothing will happen to her. She will be safe inside the house. Then morning came. The snake left. What the princess didn't know was that the snake's motive for leaving was to call its group so that they can divide and eat her. While she waited for the snake, she took a nap. She heard a voice in her dream that told her to burn the snake's house down. Of course, she was hesitant because the snake would lose its house. But the voice was very persistent. When she woke up from her nap, she did what the voice told her. She burnt the house down. From the house's ashes, she saw a man's knee then the man's whole body. The man wasn't conscious. She flicked some sweat from her forehead to the man's body. After a few moments, the man finally rose and talked. He told the princess that he was the snake. The same snake who was the owner of the house. He also added that since the princess was the one who turned him into a human, they needed to be married immediately*

*He fetched other groups of sultans and these sultans were also snakes who turned human just like him. The other sultans asked the princess if she had sisters. When she said yes, the sultans told her to fetch them. She arrived at their old house and what she saw shocked her. She saw that her sisters were all very weak. So she bathed all of her sisters for them to regain their strengths. When her sisters recovered, she told them to come with her and marry the other sultans. Her sisters arranged all their belongings, and their appearances as well. All of her sisters married a sultan of their own while she married the snake who she had turned to human. They all lived peacefully and happily together.*

The manigtultul can be anybody. The word manigtultul came from “manig” which means “person who does” and “tultul” which is the Pala’wan epic. They retell the tultul to their families or even to visitors. According to the Pala’wan, anyone can be a manigtultul. The manigtultul can be male or female, young or old, as long as one has the interest and the passion for retelling tultul. Since these are oral traditions that are passed on from one person to another, the power of listening and the ability to remember the stories plays an important part in the passing-on of these traditions. It is also important for the manigtultul to know or master the different tones used in a chanted tultul. This is to guarantee that the tultul will be delivered or passed on correctly.



\*Lola Josit, a manigtultul. Photograph by Prof. Ianine Ochoa

There was one manigtultul named Josita Baldin and better known as “Lola Josit”, in Sitio Linao, Brgy. Ipilan, Brooke’s Point, Palawan. She is one of the well – known artists of the place. She not only retells tultul but is also a known singer and dancer of the *Taruk*, the dance performed during celebrations, especially on weddings. There were two other manigtultul who shared tultul with us. They were Lydia Sagad and Luming Sagad. They are sisters of Pedro Sagad, a *panglima* or tribal chieftain of Sitio Linao. Both manigtultul are residents of Sitio Linao.

The listeners of the tultul are called *tinultulan*. The tinultulan are allowed to do whatever they want during a tultul – telling. They are allowed to leave or join the group anytime they want. They aren’t even prohibited to make any noise or ruckus during the session. Listening to a tultul isn’t that easy especially when one wants to be a

manigtutul someday. One must listen attentively to understand and comprehend the different stories narrated.

Tultul have a restriction on when they are to be told – which is at night time. According to Lola Josit, people often stop working in order to listen to the tultul. Tultul are often told during the evenings after dinner, because this is the time when the family members are gathered together. It also serves as a narrative lullaby for the children who can't sleep well. Aside from being told only at night time, tultul are also forbidden to be told during mourning due to a death of a family member or someone who lived near the manigtutul's home. Lola Josit said that the tultul are considered as a form of merrymaking, thus making it disrespectful to be told during a wake. A week after the death of a person will be the time when the tultul – telling will again be allowed.



\*Nanay Luming and Nanay Lydia, both manigtutul.  
Photograph by Prof. Janine Ochoa

According to the Pala'wan, they don't really know the origins of these tultul. They only know the stories because of what their parents/grandparents have shared with them. A thing to ponder on is how come these tultul have many Muslim concepts/terms. The tultul usually contains a character called a raja. He is known as the father of the *putli*, princess. There are also stories which feature a *datu*, one which is of lower rank than a raja and sultan. Some stories involve polygamy, a practice which is more associated with the Muslims than with the Catholics. It can mean that the Pala'wan ancestors were greatly influenced by the Muslim culture.

We can never tell what the future might bring us. All we know is that if these tultul aren't passed on to future generations, this wonderful oral tradition **might** die forever. We can only hope for the future generations to take interest in this valuable heritage.

As outsiders, we can only appreciate and value the beauty of this practice which is very foreign to us. But one thing is for sure, as long as this tultul is in the minds and hearts of the Pala'wan, they will shape the identity of the Pala'wan.

- based on the Paper of Yangot, Karminn Cheryl Dinney D. and Zapata, Jasmine H. entitled *The Pala'wan Tultul: A Surviving Unwritten Evidence of a Rich Cultural Heritage* (2012) for the University of the Philippines Anthropology Field School 2012 (UP AFS '12) under Prof. Janine Ochoa and Dr. Nestor Castro of the UP Anthropology Department

#### For Further Reading:

- Revel, Nicole. (2001). *The Palawan Epics*. In *Festschrift in honor of William Henry Scott* from the Ateneo Philippine Epics and Ballads Archive. website: <http://epics.ateneo.edu/epics/archives/15/articles/8%20The%20Palawan%20Epics.pdf>
- Revel, Nicole. (2001). *The Teaching of the Ancestors*, in *Literature of Voice : Epics in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press.
- Revel, Nicole. (1996). *Mental text, chanted performance, written transcripts and the notion of multiple drafts in Palawan highland epics*. Acts of the UNESCO Workshop in Turku, Finland, L. Honko ed., *Oral Tradition* 2, no. 1: 108-32.
- Revel, Nicole. (1998). *As if in a Dream... : Epics and Shamanism among Hunters. Palawan Island, Philippines*. In *AccessMyLibrary*. Retrieved from <http://www.accessmylibrary.com/article-1G1-53461649/if-dream-epics-and.html>
- Manuel, E. Arsenio. (1962). *A Survey of Philippine Folk Epics*. Retrieved from Nanzan Institute for Religion and Culture website: <http://nirc.nanzan-u.ac.jp/publications/afs/pdf/a140.pdf>



photo by Joanne Chua

## Turismo sa Talon ng Sabsaban

---

By: Feliciano, Ma. Roxanne P.

Ang talon ng Sabsaban ay kilala sa paniniwala ng mga Palawan bilang sagradong lugar. Ito ay puno ng makasaysayang kwento, makulay na kultura, at ang umuusbong na turismo.

Ang talon ng Sabsaban ay mahalaga sa buhay ng mga katutubong Palawan kung kaya't ang pag-iingat at pagpapahalaga nito ay hindi matatawaran.

Sa pag-agos ng panahon kasabay ng maraming pagbabago, marami ring nag-iba sa kapaligiran na nasaksihan ng nakakarami. Ang dating naturang lugar na limitado sa taong naninirahan sa paligid ay isa na ngayong pook pasyalan kasabay ng malakas na pagsulong ng turismo.

At sa aming pagsisiyasat sa mayaman na kultura at tradisyon ng mga Palawan, nabaling ang aming pansin sa pagkakaugnay ng

makabagong konsepto na turismo at lupaing ninuno sa talon ng Sabsaban.

Sa pakikisalamuha rin namin sa mga katutubong gumagawa ng pang araw-araw na gawain tulad ng paglalaba at pagliligo at pakikipagkwentuhan ay aming natuklasan ang pagpapahalaga ng mga natibo sa naturang lugar. Gayundin, ang pakikipanayam namin sa mga *key informants* para sa malalim at malawak na pag-unawa tungkol sa nasabing paksa ng pag aaral, at *focus group discussion* o ginabayang talakayan sa mga turista upang malaman ang kanilang pananaw ukol sa proyekto na gawing *tourist spot* ang talon ng Sabsaban.

Sa patuloy na paglakas ng turismo, minarapat rin namin na isaklaw ang mga epekto nito sa naturang lugar, sa mga katutubong Palawan, at sa iba pang grupo na nakikinabang sa talon.

Makikita ang talon ng Sabsaban sa gitna ng Sitio Pangatleban, Barangay Ipilan (silangan) at Sitio Sabsaban, Barangay Aribungos (kanluran). Ang tubig mula sa talon ang nagsisilbing pagitan ng dalawang barangay.



Ang talon ay isa sa mga *tourist spots* na matatagpuan sa Brooke's Point. Ayon sa mga *pamphlet* na pinapamigay ng opisina ng turismo ng Brooke's Point, ang talon ng Sabsaban ay matatagpuan sa puso ng lupaing ninuno (*Ancestral Domain*) ng mga katutubong Palawan.



Photo by: Dona Mengote

### **Pagsasahulugan ng mga Palawan sa Sabsaban**

Ayon sa aming mga nakapanayam na nakatatanda, ang talon ng Sabsaban ay isang sagradong lugar kung saan ang malamig na tubig na dumadaloy mula sa rurok ng kabundukan ay may angking makapagpagaling ng mga may sakit. Dito dinadala ang mga may karamdaman upang paliguan ng mga manggagamot o tungkol.

Isang pangangahulugan rin sa Sabsaban ay ang pagiging lupaing ninuno nito. Ito ay ang bahagi ng paniniwala nila na pagmamay-ari ng mga katutubo ang naturang lugar sapagkat dito na rin lumaki, nabuhay at naghanap-buhay ang kanilang mga ninuno.

Maliban rito, ang mga pang araw-araw na gawain tulad ng paglalaba at pagligo ay isang aspeto rin ng kanilang pagsasahulugan sa talon ng Sabsaban.

Mayaman rin sa mga kwentong bayan at paniniwala ang talon ng Sabsaban tulad ng ilang kilalang lugar.

Ayon sa mga kwento ng aming mga impormante, ang talon ng Sabsaban ay binabantayan ng *galap* o sirena sa Palawan kung kaya't sila ay taon-taon nag-aalay bilang

paggalang at pagbantay sa kanila. Gayunpaman, pinaniniwalaan na tuwing may nalulunod ay kinukuha ang mga ito ng mga *galap*. Nagsisilbi itong babala para sa ilan na hindi lumangoy sa malalim na bahagi. Ang mga kwentong ito ay paalala rin sa nakakarami bilang pagrespeto sa paniniwalang Palawan at bahagi na rin ng oral na tradisyon.

### **Turismo sa talon ng Sabsaban**

Ang pagtaguyod sa talon ng Sabsaban bilang isang *ecotourism site* ay sa pangunguna ng isa sa mga sangay ng ABS-CBN Foundation, ang Bantay Kalikasan na layuning magbigay halaga sa kalikasan (ABS-CBN Foundation, 2011). Isa sa mga programang ipinatupad ng naturang organisasyon ay ang Bantay Kalikasan Eco Academy, Brooke's Point, Palawan na may *slogan* na '*true ecotourism*' (tunay na *ecotourism*<sup>1</sup>).

Ang Bantay Kalikasan Eco Academy ay isang proyekto sa Talon ng Sabsaban na nakalugar sa isa sa mga gilid ng *Mount Matalingaban Protected Landscape*. Tinatampok nito ang ilang mga edukasyonal na klase na nagpapalawig ng kamalayan tungkol sa kultura ng grupong Palawan at sa pagpapanatili ng kalikasan.

Ang proyekto ay ipinaris sa Bantay Kalikasan Eco Academy sa La Mesa Eco Park; isang *ecotourism* na lugar na pananatilihin hindi lang para sa kasalukuyang panahon kundi para sa hinaharap o *sustainable* para sa lipunan, partikular sa mga nakatira sa paligid ng talon. Hangad din ng proyekto na ito na maipakilala ang munisipyo ng Brooke's Point sa larangan ng turismo. Ukol sa usaping *sustainability*, ang pamamaraan nila para maisagawa ito ay ang paggawa ng mga istraktura katulad ng restoran, *cottages*, opisina, banyo, atbp. na hindi nakakasira o kung hindi

<sup>1</sup> Ang *ecotourism* ay nilarawan ng *The International Ecotourism Society* bilang ang responsableng paglalakbay sa mga likas na pook na pinagiingatan at pinagbubuti ang kalagayan ng kalikasan at lokal na komunidad (The International Ecotourism Society, 2012)

man ay may maliit lang na epekto sa kalikasan. Naisaad rin na parte ng proyekto ang pagpapabahagi sa mga turista ng kultura ng mga Palawan.

Katuwang rin sa layunin na ito ay ang pakikibahagi ng Augustinian Missionaries Philippines. Ang hangarin ng nasabing grupo, mula sa kanilang opisina, ay ang makabuo ng isang alternatibong edukasyon at sentro ng

paglilinang ng kultura na magiging daluyan sa pagtataguyod at pamamahala ng lupaing ninuno at katutubong kasarinalan. Mithiin nila na makita ang mga katutubo na manirahang mapayapa at sama-sama na may malasakit sa pagpapanatili at pagprotekta ng kanilang kalikasan at kultura.

Ang lokal na gobyerno ay nakiisa rin sa proyekto sa pamamagitan ng pagtibay ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng ABS-CBN Foundation, Inc. Bahagi ng nakasaad sa MOA ay patungkol sa kikitain na mapupunta umano sa pagpapanatili ng operasyon ng proyekto at ang sobrang pera ay gagamitin sa mga pampublikong programa kung saan makikinabang ang komunidad na nakapalibot sa Talon ng Sabsaban. Ang kikitain ay makukuha mula sa serbisyo at pasilidad na tinatampok ng bagong programa at idiniin na hindi sila maniningil ng *entrance fee* para sa pagpasok sa naturang lugar.

Anupa't kasabay ng pagbubukas ng ecotourism na ito ay ang pagkakaroon ng oportunidad na trabaho sa mga katutubo. Ito ay makakatulong sa mga katutubo sa pagkakaroon ng bagong hanapbuhay. Ilan rito ay trabaho sa restoran bilang tagaluto ng katutubong pagkain, taga-gabay sa tinatawag na *ecotrail*, tagapagbantay, tagatayo ng mga *tents*, atbp. Ayon kay G. James Bicaldo, Project Management Officer-in-Charge – On Site, sila ay dumaaan sa 'butas ng karayum' o pormal na proseso na kabilang ang pagpapanayam, pagpapasa ng *biodata* at *resume*. Ito ay paraan na makakatulong mapaunlad ang Sabsaban, maging ang mga katutubo, lalo na't planong panatiliin ang kultura ng mga Palawan.

Gayunpaman, ang pagsisimula ng turismo sa Sabsaban ay nagdulot ng iba't ibang reaksyon at isyu.

### **Ang Talon ng Sabsaban Bilang Isang *Contested* na lugar**

Inilalarawan ng World Tourism Organization ang Turismo bilang isang industriyang may implikasyon sa ekonomiya, sa kalikasan, sa lokal na populasyon, at sa mga turista. Makikita na marami ang sangkot o apektado ng Turismo kaya hindi maiiwasan ang hindi pagkakasunduan. Isang halimbawa nito ang talon ng Sabsaban kung saan ang pagpasok ng bagong proyektong pangturismo ay nagdulot ng hindi pagkakaunawaan.

Isa sa mga ugat ng alitan ay ang hindi pagsagawa ng pagkonsulta sa mga katutubo. Taliwas ito sa sinabi ng panig ng ABS-CBN Foundation at ng lokal na gobyerno na siyang mga tagapagtaguyod ng proyektong ito. Posibleng pangyayaring may ilang mga Palawan na hindi inabot ng impormasyon tungkol sa naganap na konsultasyon.

Ito rin ay pumapatungkol sa lupaing ninuno, kung saan kabilang ang Talon ng Sabsaban, na kasalukuyang pinoproseso sa NCIP. Nakasaad sa batas na IPRA (Indigenous Peoples Rights Act) na anumang proyekto na isasagawa sa loob ng isang lupaing ninuno ay nangangailangan ng FPIC (Free Prior and Informed Consent) mula sa katutubong may-ari ng lupaing ninuno. Maaring may konsultasyong nangyari subalit iba ito sa pagkuha ng FPIC na nangangailangan ng legal na dokumentong nagpapatunay na sumangayon ang mga katutubo sa pagkakaroon ng FPIC.

Dahilan rin sa hindi pagkakaunawaan, ang hindi pagkakaroon ng mga katutubo ng MOA sa pagitan nila at ng namamahala ng proyekto. Ayon sa mga Palawan, ang hinihiling nilang MOA ay magiging katibayan para isakatuparan ang kasalukuyang pangako sa kanila na hindi sila pagbabayaran ng *entrance fee*.

Sa aming pananaw, ang hindi pagkakaunawaang ito ay dulot ng hindi

pagkakaroon ng maayos na komunikasyon sa pagitan ng dalawa.

Isang malaking isyu rin ang pagkakawatak-watak ng mga katutubo bago pa ang pagdating ng proyekto at turismo. Ang dahilan ng pagkakawatak-watak na ito ay ang pagpasok ng planong pagmimina sa naturang lugar. Ang Lebach Mining Corporation angmadalas na naisasambit ng mga nakapanayam namin bilang may interes sa Sabsaban.

Mula sa isang pag-aaral na may kaugnay ang kontrobersya ng pagmimina sa Brooke's point (Sangkula, A. at Tamsi, M. 2007), ang mga katutubo ay nahahati sa dalawa, ang *pro-mining* at *anti-mining*. Ang *ecotourism* ay pinaniniwalaang alternatibo sa pagmimina kaya naman hanggang sa usaping turismo, ang pagkakahati-hati ng mga tao dahil sa pagmimina ay nananatili.

Maraming haka-haka ang lumalabas dahil sa umiiral na pagkaaway-away ng mga grupo kabilang ang mga *pro-mining* na hinimok ng Lebach Mining Corporation at ang mga *anti-mining* na pinapaboran ang Ecotourism bilang alternatibong solusyon.

Maliban sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng ABS-CBN at ang mga katutubong Palawan, isang grupo pa ang nasasangkot sa gulo, ang Augustinian sisters.

Nang magtatag ng panibagong organisasyon ang mga madre na tinawag nilang OIPAP o Organization of Indigenous Peoples for Action in Palawan, Inc. nagdulot ito ng pagkakahati ng mga katutubo. Ang kasalukuyang miyembro ng OIPAP ay mga natibong Palawan na hindi naninirahan sa sitio Sabsaban. Sila ang mga kasalukuyang nagtatrabaho sa proyekto na nagpapairal ng kumpetisyon kung saan ang hindi naging prayoridad ang mga taga-sitio Sabsaban.

Hindi kaila na maraming pagbabago sa lokal na komunidad na epekto ng turismo. Isa na rin ang pagbabago ng ilang kaugalian. Gaya ng naikwento ng ilang katutubo, noong dati'y malaya silang nakakapagpapaligo ng

mga may sakit sa talon, ngayon ay dinadala na nila sa bahay ang tubig upang doon paliguan.

Hindi man pinuwera ang mga pagbabagong ito, hindi maiiwasan ang pagbabago ng kultura sa pagpasok ng turismo. Maaari din na ang turismo ang makapagpatibay sa ibang aspeto ng kulturang katutubo sa pamamaraan na maalala at maisapuso ng mga katutubong Palawan na naghahanap-buhay para sa proyekto na ang kanilang kultura ang ibinabahagi sa mga bisita.

Pinapatotohanan ng pag-aaral ang pagiging contested na lugar ng Talon ng Sabsaban dahil sa iba't ibang interes ng tao. Pinatutunayan rin nito ang mga epektong dulot ng turismo sa mga katutubo at sa naturang lugar.

#### Mga Sanggunian

World tourism Organization (N.D) Understanding Tourism: Basic Glossary. Nakuha Agosto 6, 2012 mula sa <http://media.unwto.org/en/content/understanding-tourism-basic-glossary>

Sangkula, A., Tamsi, M. (2007) The Mining Controversy and Dynamics of Conflict in Brooke's Point, Palawan. Ateneo School of Government: Quezon City, Philippines

Smith, V., ed. (1977). Hosts and Guests: The Anthropology of Tourism. Philadelphia: University of Philadelphia Press.

Stronza, A. (2001). Anthropology of Tourism: Forging New Ground for Ecotourism and Other Alternatives. Annual Review of Anthropology 30:261-283.

The International Ecotourism Society (2012) What is Ecotourism? Nakuha Agosto 26, 2012 mula sa <http://www.ecotourism.org/what-is-ecotourism>

**Mula sa papel na isinulat nina:  
Chua, Joanne O. at Feliciano, Ma. Roxanne P.  
bilang bahagi ng Anthropology Field School, 2012.**



## *Ugdang Bulawan: Ang Hagdan Pabalik Kay Ampo*

Jerome Leano at Alexis Jerome Tolibas



Katapusan. Makikita dito ang pamilya ni Panglima Pedring habang “tinatawag” ang espiritu ng namayapa niyang pamangkin. Kuha ni Amanda Palileo

*Kamatayan sa ating Kamalayan.* Madalas nating naririning sa mga *enlogy* at kwentuhan sa mga burol, at maaring tanda ito na pasok na sa ating mga kamalayan, na ang kamatayan ay hindi ang katapusan ng buhay; bagkus ito ang simula ng walang hanggang pamumuhay sa kabilang buhay. Iba’t-ibang paniniwala, paliwanag at metapora ang ating ginagamit upang maunawaan at bigyang kahulugan ang kamatayan, at ang relihiyon ang pangunahing pinagmumulan ng mga kaalamang ito. Ayon kay Jung, ang mga pangunahing relihiyong pandaigdig ay representasyon ng mga komplikadong sistema ng paniniwala para paghandaan ang kamatayan (Jung in Dezutter et. al, n.d.). Tanda ng kaisipang ito ay ang mga pag-aaral na nagbibigkis sa relihiyon at kamatayan sa iba’t-ibang sangay ng Agham Panlipunan.

Sa taong 2007 hanggang 2010, karamihan sa mga pangunahing dahilan ng karamdaman sa Munisipalidad ng Brooke’s Point ay mula sa impeksyon tulad ng mga sumusunod: UTI, malaria, bronchitis, diarrhea, pneumonia, at influenza. Sinasabing ang mga karamdamang may kaugnayan sa pamamaraan ng

kanilang pamumuhay ang namamayagpag bilang sanhi ng kamatayan sa Brooke’s Point, partikular dito ang CVA, diabetes mellitus, heart diseases, at cancer. Ang mga sanhi ng kamatayan sa taong 2010 ay ang mga sumusunod: pneumonia (62, 10.39), myocardial infarction (17, 2.85), lahat ng uri ng cancer (14, 2.35), vehicular accident (10, 1.68), hypertensive CVD (10, 1.68), cerebro-vascular disease (9, 1.51), congestive heart failure (8, 1.34), chronic renal disease (8, 1.34), renal hypertension (8, 1.34)<sup>1</sup>.

Ang bulto ng mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam (structured at semi-structured). Ang mga inisyal na tanong ay ginabayan ng mga naunang librong naisulat tungkol sa mga iba pang tribung Palawano; ito ay ang Tagbanuwa (Tagbanuwa Religion and Society ni Fox) at Tau’ t Batu (Tau’t Batu Studies ni Ramos et. al).

Sa aming ginawang pag-aaral tungkol konsepto ng kamatayan, pagluluksa, at paglilibing ng mga Pala’wan, hindi maikakaila na nagkaroon ng mga pagkakataon at kalagayang humadlang sa pagkalap namin ng mga

<sup>1</sup>Ang mga datos na ito ay halaw sa isang powerpoint presentation “A profile of the MUNICIPALITY of Brooke’s Point (2010)”

kinakailangang datos upang mas malawak at malalim na pagpapakahulugan ng nasabing paksa.

Sa heyograpikal na aspeto nang aming pananaliksik, apat sa labingwalong baranggay na bumubuo sa Brooke's Point ang aming napuntahan. Kung saan ang karamihan sa aming mga nakapanayam at napaggugulan ng maraming oras ay mula sa Baranggay Aribungos at Baranggay Ipilan. Bukod sa nabanggit, nagkaroon ng panayam sa ilang Pala'wan sa Baranggay Imulnod at Baranggay Mainit.

Ang kakulangan sa oras, sa proseso ng pagkalap ng kinakailangang datos sa loob lamang ng labingdalawang araw. Kung saan may mga pagkakataong hindi tugma ang iskedyul o kinailangang palitan ang nakatakdang araw ng panayam nang aming mga impormant dahil sa kanilang tungkulin sa araw-araw tulad ng kabuhayan, kalusugan, at ilan pang personal na rason.

Nagkaroon din ng dalawang obserbasyon, partisipasyon, at dokumentasyon ng aktwal na burol at proseso ng paglilibing sa dalawang Palao'an sa Baranggay Ipilan. Kung saan aming naobserbahan ang paghahalo ng tradisyunal na paniniwala at ng relihiyong Kristyanismo. Ngunit, wala kaming naobserbahan na aktwal na tradisyunal napaglilibing.

Dahil sa lawak ng saklaw ng aming paksa ay naisipan naming hatiin ang paksa sa mga mas maliliit na tema. Ang mga nabuo naming tema ay ang mga sumusunod:

**PAGTATALANG:** Sinasaklaw ng temang ito ang lahat ng mga bagay na ipinapabaon sa patay, ang mga uri ng bagay na isinasama nila sa loob ng hukay o sa paligid nito, ang paniniwala nila tungkol sa pagtatalang. Ang pokus ng temang ito ay ang materyal na kulturang nakatala sa paglilibing.

**PAGLILIBING:** Sa temang ito ay nakapaloob ang preparasyon sa labi ng yumao bago ilagak sa kanyang pahingahan, ang buong proseso ng paglilibing, ang pagpili ng paglilibingan, pagkakaayos at orientasyon ng bangkay, lalim at laki ng hukay at iba pa. Ang pokus ng temang ito ay ang mga nangyayari sa labi ng yumao.

**PAGLULUKSA:** Ang pokus naman ng temang ito ay ang mga naiwan ng yumao. Dito nakapabilang ang mga kaugalian at paniniwala ng mga kaanak ng patay pagdating sa pagluluksa, ang mga maari at bawal gawin, mga ritual na nagpapakita ng pagluluksa at iba pa.

**KABILANG BUHAY:** Sa temang ito ay kasama ang mga paniniwala ng Palaw'an sa kabilang buhay, kung saan nagpupunta ang kaluluwa ng mga yumao, ano ang nangyayari sa kabilang buhay at iba pa.

Sa apat na temang ito uminog ang aming pagtatanong.

## **PAGTATALANG**

Nakaugalian na ng mga Pala'wan ang **PAGTATALANG** o ang pagsasama ng mga bagay sa labi ng kanilang mga patay. Naniniwala sila na ang mga gamit na kanilang ipinabaon ay magagamit ng **KURUDWA** o kaluluwa ng yumao sa kabilang buhay. Mapapansin na karamihan sa mga bagay na *itinatalang* ay ang mga kagamitang ginagamit sa pang-araw-araw tulad ng plato, baso, **SALAPA** (sisidlang kuwadrado na yari sa tanso na karaniwang pinaglalagyan ng nganga at apog), **ALEP** (sisidlan ng tabako, papel at santikan yari sa buho), **BALING** at **SANTIKAN** o pangsindi at iba pa. Karaniwang *itinatalang* sa mga kalalakihan ang **TUKAW** o itak pati ang **TAGUBAN** o ang lalagyanan nito. Ang mga Pala'wan ay naniniwala na ang mga lalaking nasa wastong gulang ay dapat magdala ng itak dahil tamad ang tingin nila sa mga lalaking walang dalang itak. Kapag nagtatalang ng itak ay binabalian ang dulo nito para kung **MAKASABLAW** o makabati ang kaluluwa ng patay ay hindi lubhang masakit. Hindi naman mawawala sa mga kababaihan ang malong at suklay. Makikita rin sa mga bagay na *itinatalang* ang estado sa buhay ng yumao. Ang mga nakakaangat sa buhay lang ang may kakayanang *magtatalang* ng mga mamahaling bagay tulad ng **AGONG** o gong, **SALAPA**, at **TAPAYAN** o banga.

Bukod sa mga bagay na karaniwang na *itinatalang*, ang mga Pala'wan din ay nagpapabaon ng pagkain. Ito ay kadalasang isinasama sa loob ng kaldero na naglalaman ng kanin at ulam. Pinaniniwalaan ng mga Pala'wan na kailangang kumain ng yumao para sa kanyang paglalakbay sa kabilang buhay. Ayon kay Panglima Pedring *itinatalang* din ang mga paboritong gamit ng yumao para hindi ito balik-balikan ng mga patay. Iniinawan ng mga Pala'wan na magkahalubilo ang mga kaluluwa ng mga namatay dahil naniniwala silang maaari silang magkasakit.

## **PAGLILIBING AT ANG UGDANG BULAWAN**

Hindi nag-eembalsamo ng kanilang patay ang mga Pala'wan. Naniniwala sila na hindi dapat paghiwalayin ang kanilang katawan kahit na sa kamatayan. Hindi rin sila gumagamit ng kabaong at ng puntod. Ayon kay Panglima Welinton, ang hindi paggamit ng kabaong at puntod ay nakakapagpadali sa pag-angat ng kaluluwa mula sa hukay. At dahil hindi sila nag-eembalsamo at kailangang mailagak na agad ang labi sa huling hantungan ay walang burol o lamay para sa patay. Hindi dapat abutin ng 24 oras ang bangkay. Sa ilang okasyon na may kailangang hintaying kaanak mula sa malayong lugar ay pinauusukan nila ang bangkay gamit ang

sinunog na dahon ngunit hindi ito madalas na ginagawa.

Pagpanaw ay nililinis ang katawan ng namatay dinadamitan at inaayusan. Kailangan ay hindi itim ang kulay ng damit na isusuot sa patay dahil maghihinagpis daw ang yumao kung maglalaba ito ng damit at subukan niya itong paputiin sa kabilang buhay. Pagkatapos ay babalutan ang bangkay ng banig at tatalian sa may bandang ulo at paa. Apat na tao ang magbubuhay sa patay palabas ng bahay at patungo sa paglilibingan nito. Gumagamit sila ng dalawang tali na nakaangkla ang isa sa bandang ulo at ang isa naman ay sa paa. Bago tuluyang ilabas ng bahay ang bangkay at kadalasang ginagawa sa pantaran, ay NAGNANANGNANG o humihingi ng paumanhin ang naiwang pamilya sa mga kasalanang nagawa nila dun sa yumao habang ito ay nabubuhay pa.

*“Patawarin mo na ang asawa mo, ang mga anak mo sa mga kasalanang nagawa nila sa iyo... hanggang sa katapusan ... at huling pagkikita...”*

Ang lugar na pinaglilibingan ng mga patay ay karaniwang malapit lang sa mga bahay ng mga naiwan nito. Kung saan kadalasang pinagtatabi ang mga mag-asawa at ang kanilang mga anak.

Ang hukay ay sukat sa haba ng labi at ang lalim ay hanggang dibdib. Ang ilan ay naniniwala na mabuti ang tao kung malambot ang lupa habang hinuhukay at masama naman kung matigas ang lupa. Ibaba muna ang bangkay sa tabi ng butas at tatanggalin ang tali sa bandang ulunan at ilalabas ang ulo nito sa banig. Matapos gawin ang mga ito ay mayroong magbabanggit, kadalasan ang Panglima o iba pang nakakatanda, ng mga sumusunod na salita:

*“Pagmasdan mo na ang mundo dahil ito na ang huling pagtingin mo, ang mga kaboy na maliliit at malalaki, ang mga dabon at ang buong mundo dahil patay ka na at diyan ka na kay Ampo...”*

Lalagyan ng tabla ang ilalim ng hukay bago may dalawang tao ang bababa dito para saluhin ang ibababang bangkay. Magkaiba ang orientasyon ng babae sa lalaki. Ang talampakan ng mga lalaki ay nakaharap sa bundok habang ang sa mga babae naman ay nakatutok sa dagat. Ang paniniwala nila ay kapag bumangon ang kaluluwa ay bundok o dagat ang una nitong makikita at doon tutungo ang kaluluwa para MANUPOK o manguso ang lalaki at MANGAWIL o mangisda ang babae. Matapos maibaba ang bangkay ay

maghuhulog ng UGDANG BULAWAN o Hagdanang Ginto.

Ang UGDANG BULAWAN ay isang simbolikal na hagdanang gawa sa tangkay ng isang halaman. Hihiwaan ang tangkay na ito ng pahilig sa dalawang gilid, isang pataas at isang pababa. Ang magiging hitsura nito ay isang hagdanan kung saan ang isang gilid ay paakyat at ang isa naman ay pababa, Habang inilalagay ito ay sa hukay ay sasabihing “paakyat ang kaluluwa ng mga buhay at pababain naman ang sa mga patay”, pagkatapos ay saka aakyat ang mga sumalo sa bangkay. Ilalagay na ang mga TALANG bago takpan uli ng tabla ang bangkay at tuluyang tabunan na ng lupa. Sa taas nito ay magtatanim sila ng mga panandang halaman, karaniwang gumagamit sila ng mga bulaklak o ng nipa. Ilalatag muli ang mga TALANG at saka gagawan ng silong ang patay gamit ang maliliit na kahoy at mga dahon. Matapos nito, gigisingin ang patay at paghahandaan ito ng kanin na may kasamang ulam. Magsasagawa ng GIRA o paggawa ng iba’ t-ibang ingay ang mga nakipaglibing saka maglalakad pabalik sa bahay ng mga namatayan Ang unang makakarating sa bahay ay kukuha ng bao na may lamang abo at ipapahid ito sa katawan. Ganoon din ang gagawin ng mga sumunod sa kanya at ang huling darating ay ikakalat ang abo at babasagin ang bao sabay sasambitin “hindi sana makita ng mga espirito ang mga nakipaglibing”.

## PAGLULUKSA

Ang mga ritwal patungkol sa kamatayan ay nag-uumpisa bago pa man may mamatay. Sa mga pagkakataong malubha na ang sakit ng isang Pala’wan ay nagsasagawa sila ng PAGLILINGAW. Ginagawa rin ang PAGLILINGAW kung madalas na napapanaginipan ng mga Pala’ wan ang kanilang mga yumaong kamag-anak. Sa PAGLILINGAW ay tinatawagan ang kaluluwa ng mga patay. Ayon kay Panglima Pedring, hindi direktang tinatawagan ang kaluluwa ng mga patay. Ang unang dadasalan at tatawagin ay si AMPO at si AMPO naman ang tatawag sa kaluluwa ng namatay. Kapag *maglilingaw* ay naghahanda rin para sa patay. Nang minsang *maglilingaw* si Panglima Pedring ay naghanda sila ng kanin at manok na niluto sa gata. Bawal gamitan ng asin ang mga pagkaing handa para sa patay. Malalaman nila kung tinanggap ang mga alay sa iba’ t-ibang mga paraan: ang biglang paglamig ng kanin, mga langaw at iba pang

insektong dumapo sa pagkain, ihip ng malamig na hangin at iba pa.

Ang SABLAW ay ang sakit sa tiyan, pagduduwal, at sakit na huling naramdaman ng yumao, na nakukuha kapag ang isang miyembro ng pamilya ay dinalaw o nilapitan ng kaluluwa ng yumao. Nakabase ito sa paniniwala na dumadalaw ang kaluluwa ng mga yumao kapag may kinakailangan sila o may nais ipabatid sa dinadalaw nila. Sa pagdalaw na ito, nagkakaroon ng negatibong epekto o SABLAW sa miyembro ng pamilyang dinadalaw. Ang pamilya ng yumao ay hindi pinahihintulutan ng mga PANGLIMA na magtrabaho, lumabas ng bahay, mag-ingay, magsaya, maglinis ng bahay, at mag ayos ng kanilang sarili hanggang mailibing ang yumao. Ito ay tanda ng pagrespeto nila sa yumao at sa buhay na naputol. Kung ito ay malalabag ng isa sa mga miyembro ng pamilya, siya ay kinakailangang magbayad ng BATANG/UNGSOD o multa depende sa patakaran ng PANGLIMA ng partikular na angkan.

Ang KASARUNGAN o KATAPUSAN ay ginaganap isang linggo o pitong araw matapos ang libing ng yumao. Pinaniniwalaan ng mga Pala'wan na sa "katapusan" ay tuluyan nang umaalis ang kaluluwa ng patay para makapiling na si Ampo. Naghahanda ang pamilya ng yumao na nagsisilbing huling salu-salo kasama ang kaluluwa ng patay bago ito tuluyang umalis. Katulad ng sa *Paglilingan* ay hindi ginagamitan ng asin ang mga pagkaing hinahanda. Nakadalo kami sa *katapusan* na ginanap para sa yumaong pamangkin ni Panglima Pedring. Ang mga hinanda ay apat na baso ng tubig, apat na platong may kanin, apat na platong may dinuguan, apat na platong may MULMOL o *fermented rice* na nakabalot sa dahon at ang lahat ng ito ay nakapatong sa isang banig at may partikular na pagkaka-ayos. Nabanggit din ni Panglima Pedring na hindi dapat bababa sa apat ang mga plato o kung sosobra man ay dapat laging magkaka-ayos. May mga katagang binanggit din si Panglima Pedring sa Pala'wan. Tinawag niya ang kaluluwa ng yumao at itinuro ang mga hinanda. Sinabi niya sa amin na binilinan niya ang kaluluwa ng kanyang pamangkin na dun na siya sa kasiyahan niya sa kabilang buhay, kung ano man ang kasiyahan ng mga nabubuhay ay huwag na siyang makialam.

## PAGTATASA

Katulad ng sinabi ni Ramos (1983) para sa mga Tau't Batu, isang grupo ng mga Palawan na matatagpuan sa Singnapan Basin sa may Timog Kanlurang bahagi ng Palawan, hindi kakikitaan ng paghahati ng banal at ordinaryo ang iba't-ibang aspeto ng buhay ng Pala'wan. Ang pagsilang sa isang sanggol ay ipinagbubunyi at pinasasalamat katulad ng pasasalamat sa masaganang ani, sa pag-galing mula sa karamdaman at sa pag-iisang dibdib ng dalawang taong nagmamahalan sa kasal. Napuna namin na sa kaibuturan ng mga ritwal na ito ay hindi mawawala ang pagpapasalamat, pagpapasalamat para sa kaginhawaan.

Ang Panglima ang nagbibigkis sa isang komunidad. Bukod sa *functional* na kahalagahan nila sa kanilang mga nasasakupan ay nagsisilbi silang kanlungan ng kulturang Pala'wan. Sila ang may kakayanan at karapatang mangasiwa at magsagawa ng iba't-ibang mga ritwal ng Pala'wan.

Ang mga ritwal na ito ay hindi lang limitado sa paglilibing, pagluluksa at kamatayan bagkus ay laganap ito sa iba pang mga aspeto ng buhay Pala'wan. Susi ang mga ritwal na ito para lubos na maunawaan ang kosmolohiyang iniinugan ng kamalayang Pala'wan.

Kaginhawaan din ang nakita naming pangunahing konseptong nagpapatakbo sa kanilang pagtrato sa mga namatay. Sa isang banda ay naniniwala sila sa SABLAW o sa sakit na maaaring makuha kapag nakikihalubilo ang mga patay sa mga buhay. Palasak sa mga ritwal sa patay ang hiling ng mga nabubuhay na huwag nang makialam sa kanila ang mga patay. Sa kabilang dako naman ay naniniwala rin sila sa BUSONG o sakit na maaaring makuha sa hindi pag-respeto o pagkalimot sa mga nakakatanda. Ginagamit naman ng mga patay ang panaginip bilang paraan para ipaabot sa mga nabubuhay na huwag silang kalimutan.

Ang lahat ng mga paniniwalang ito ay hindi umiiral sa isang bakyum. Hindi maihihiwalay ang Kulturang Pala'wan sa kapalagirang pinaglalagakan nito. Ano pa ang sisilipin ng yumao sa PALTEG kung wala nang punong kahoy at ang mga dahon nito? Saan na mapupunta ang KURUDWA kung wala nang KALABOGANG, na pinaniniwalaang isang gubat na mayroong lawa sa gitna kung saan lahat ng hayop o *game* at isda ay matatagpuan dito? Magkakaroon pa rin ba ng TINAPUY o *rice wine*, MULMOL at LUTLOT o *rice cake* kung wala nang aanihing bigas?



Ang tanong na, “Paano nga ba “mamamatay” ang mga nakaugaliang tradisyon at ang ating kalikasan?”, ay maaaring pumasok sa ating kamalayan.

Ayon kay Rivel (2011), ito ay dahil sa mga polisiya ng pamahalaan at ang pamamahala sa mga minahang patuloy na binabago ang landscape ng tinaguriang Philippines’ “Last Frontier”. Kinakitaan man ng malakas na pagtutol sa panig ng mga Panglima, ng local na pamahalaan, ng simbahan, at maraming mga NGOs. Tinuloy parin ng DENR ang pagbibigay ng karapatan

sa mga multinational companies para magoperate sa Palawan sa ngalan ng “KAUNLARAN”.

Dahil dito nanganganib ang buhay hindi lamang ng mga Pala’wan kundi na rin ng isla ng Palawan mismo.

Patuloy pa niya, ang nagbabadyang pagkasira ng Palawan ay isang malaking kawalan, hindi lamang sa kasalukuyan at hinaharap ng bansang Pilipinas, kundi sa buong mundo.

## SANGGUNIAN

### Book:

Ramos, Amour. *Tau't Batu Religion / edited by Jesus T. Peralta*. Manila: Manila National Museum and the Presidential Assistant on National Minorities (PANAMIN), 1983.

Fox, Robert. *Religion and Society Among the Tagbanawa of Palawan Island, Philippines*. Manila, Philippines: National Museum, 1982.

### Online Journal Article:

Dezutter, Jessie, Bart Soenens, et al. "The Role of Religion in Death Attitudes: Distinguishing Between Religious Belief and Style of Processing Religious Contents ." *Death Studies*. 33. (2008): n. page. Web. 23 May. 2012.

<<https://lirias.kuleuven.be/bitstream/123456789/120468/3/MO>>.

Falkenhain, Marc, Paul Handal, et al. "Religion, Death Attitudes, and Belief in Afterlife in the Elderly: Untangling the Relationships." *Journal of Religion and Health*. 42.1 (2003): n. page. Web. 23 May. 2012.

<<http://www.springerlink.com/content/x1v13p0532301023/>>.

Rivel, Nicole. "THE ‘GIFTS OF THE WEAVER’ AND THEIR BECOMING AT THE TURN OF THE 21st CENTURY." *AghamTao*. 20.49-67 (2011): n. page. Web. 10 Oct. 2012.

<<http://uvle.up.edu.ph/mod/resource/view.php?id=35567>>.

Srivastava, Vatsalya. "Functional Aspects of Religion: Role of the Afterlife in Enforcing Social Contracts." (2010): n. page. Web. 23 May. 2012. <[http://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=1809936](http://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=1809936)>.

Tinaz, Nuri. "A Social Analysis of Religious Organisations: The Cases of Church, Sect, Denomination, Cult and New Religious Movements (NRMs) and Their Typologies." *Ýslám Araþtýrmary Dergisi*. (2005): n. page. Web. 23 May. 2012.

<[http://www.zipdf.com/sociological\\_concepts\\_and\\_analysis](http://www.zipdf.com/sociological_concepts_and_analysis)>.